

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN IV



## MODYUL 4

## PRODUKSYON: PROSESO NG PAGSASAMA-SAMA



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



## MODYUL 4





### ANG PROSESO NG PRODUKSYON



Ang tao ay patuloy na gumagamit ng mga kalakal at paglilingkod. Upang matugunan ito, kinakailangang may mga taong mag-isip kung paano makalikha ng mga kalakal at paglilingkod. Sa modyul na ito, tatalakayin ang mga salik ng produksyon at ang mga iba't ibang uri ng pangangalakal.



May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Ang Proseso ng Produksyon
-  Aralin 2: Mga Salik ng Produksyon
-  Aralin 3: Ang Organisasyon ng Negosyo
-  Aralin 4: Ang Produksyon sa Pilipinas



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maibibigay ang kahulugan ng produksyon;
2. Masusuri ang mga salik ng produksyon bilang batayan sa matalinong paggamit nito;
3. Maipaliliwanag ang gamit ng bawat salik ng produksyon;
4. Maihahambing ang iba't ibang organisasyon ng negosyo ayon sa pakikisapi at pananagutan ng bawat kasapi;
5. Maipaliliwanag ang mahalagang papel ng entrepreneur sa ekonomiya at produksyon; at
6. Matutukoy ang estado ng produksyon sa Pilipinas.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kabayaran sa lupang ginamit sa produksyon.  
A. renta  
B. sahod  
C. upa  
D. kita
2. Ang salik ng produksyon na nagbibigay ng hilaw na panangkap.  
A. lakas paggawa  
B. puhunan  
C. entrepreneur  
D. lupa
3. Ang mga salik ng produksyon na ibinahagi upang makagawa ng kalakal ay tinatawag na:  
A. *output*  
B. *capital gain*  
C. *input*  
D. *factor gain*
4. Ang nagsama-sama ng mga salik ng produksyon upang mangalakal.  
A. kapitalista  
B. entrepreneur  
C. ekonomista  
D. makinista
5. Tinatawag na tagalikha ng produkto.  
A. entrepreneur  
B. mamumuhunan  
C. manggagawa  
D. tintera
6. Ang makina, araro, at gusali ay halimbawa ng anong salik ng produksyon?  
A. puhunan  
B. *output*  
C. *input*  
D. lakas paggawa
7. Samahang pangangalakal na itinayo upang tumulong sa pangangailangan ng mga kasapi.  
A. korporasyon  
B. kompanya  
C. sosyohan  
D. kooperatiba

8. Ang karapatan at kapakanan ng mga manggagawa ay dapat na pangalagaan upang maging produktibo sila. Isa sa mga ito ay ang pagsasama-sama ng mga manggagawa upang makuha ang benepisyo at karapatan. Ano ang samahang ito?
- A. unyon
  - B. korporasyon
  - C. welga
  - D. kooperatiba
9. Ang lakas ng loob na harapin ang hamon ng mga pangangalakal ay katangiang dapat taglayin ng:
- A. manggagawa
  - B. unyon
  - C. entreprenyur
  - D. welgista
10. Ang korporasyon ay nangangalap ng puhunan sa pamamagitan ng pagbibili ng:
- A. stock
  - B. lupa
  - C. share
  - D. ari-arian
11. Ang salapi ay kabilang sa anong salik ng produksyon?
- A. Lupa
  - B. Paggawa
  - C. Kapital
  - D. Entreprenyur
12. Anong produkto ang pangunahing export ng bansa?
- A. Damit
  - B. Kemikal
  - C. Produktong elektroniko
  - D. Saging
13. Ang pagkakaroon ng katahimikan sa pagawaan at pagkakaroon ng pagkakaunawaan ng *management* at manggagawa ay tinaguriang:
- A. Relasyong industriyal
  - B. Kapayapaang industriyal
  - C. CBA
  - D. Organisasyong Pangnegosyo
14. Ang paglago ng produksyon dahil sa sipag ng manggagawa.

- A. pag-unlad
- B. produktibidad
- C. episyenteng produksyon
- D. *full employment*

15. Ano ang tawag sa pagpapalit-palitan ng yaman at produkto ng lahat ng tao na may papel sa produksyon?

- A. Pagkunsumo
- B. Paikot na daloy ng yaman
- C. Pangangalakal
- D. Pagtitinda

16. Ang pagtutulungan ng mga manggagawa at pagsama-sama ng maliliit nilang kapital upang makabuo ng negosyo para sa kanilang benepisyo.

- A. korporasyon
- B. sosyohan
- C. kooperatiba
- D. isahang pagmamay-ari

17. Ang produksyon ng isda sa pamamagitan ng pag-aalaga nito.

- A. Komersyal na pangingsda
- B. Aquakultura
- C. Pangingsdang munisipal
- D. *Sports fishing*

18. Anong produkto ang nanguna sa produksyong agrikultura noong 2003?

- A. Niyog
- B. Palay
- C. Saging
- D. Mais

19. Anong pangunahing metal ang pinakamaraming namina noong 2003?

- A. Pilak
- B. Ginto
- C. Bronse
- D. Bakal

20. Ang pagtigil ng manggagawa sa proseso ng produksyon upang igiit ang kanilang mga kagustuhan.

- A. *Lock out*
- B. *Collective Bargaining Agreement (CBA)*
- C. Protesta
- D. Welga

## ARALIN 1

### PROSESO NG PRODUKSYON



Sa araling ito, susuriin ang saysay ng produksyon bilang isang proseso at pagsasama-sama ng iba't ibang pwersa at yaman. Tutukuyin din ang benepisyong nakukuha sa produksyon at ang halaga ng mga ito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maibibigay ang kahulugan ng produksyon;
2. Maipaliliwanag ang paikot na daloy ng produksyon; at
3. Matutukoy ang mga biyaya na natatamo ng proseso ng produksyon.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Nakikita mo ba ang taong nasa ibaba? Kinakailangang mabuhay ng taong ito? Anu-ano ang mga kailangan niya upang mabuhay? Lagyan mo ng tsek ang mga nasa gawing kanan na kailangan ng taong ito para mabuhay.



- Pagkain
- Kotse
- Tirahan
- Alahas
- Damit
- Serbisyo
- Doktor
- Barbero
- Entertainer

Ilan ang nalagyan mo ng tsek? Paano kaya matutugunan ng tao ang kanyang mga pangangailangan?


Tama ka, kailangang may magproseso ng mga kalakal.

Paano makakapag-proseso ng produkto?

Tama ka na naman, kinakailangang may taong mag-iisip kung anu-ano ang mga materyales na dapat pagsama-samahin upang makalikha ng kalakal.

Ang proseso ng produksyon ay ang pagsama-sama ng paggawa, kapital, entreprenyur at mga materyales na kinuha sa lupa upang lumikha ng kalakal na ginagamit upang lumikha pa ng ibang kalakal at ng kalakal na kinukunsumo.

Ang produksyon ay lumilikha ng dagdag balik-yaman sa porma ng renta, sweldo, interes, at kita.



Ang produksyon ay may paikot na pagdaloy (*circular flow*). Ang nagmamay-ari ng mga yaman ay nagpapagamit ng yamang ekonomiko tulad ng lupa, manggagawa, at


kapital sa *firm* na siya namang tagalikha ng produkto na gagamitin at binibili ng *household*. Sa pera namang napagbilhan kinukuha ng *firm* ang pambayad sa renta, sweldo, interes, at kita sa paggamit ng yamang ekonomiko ng *household*.



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Dahil kailangan natin ng damit, hanapin natin ang mga salik upang makagawa ng damit.



Sa produksyon, may tinatawag na *input* at *output*. Ang mga *input* ay pinagsasama-sama upang makagawa ng kalakal, at ang *output* ay ang yaring kalakal.

A. Ipalagay na kaarawan mo ngayon at ang iyong handa ay isang napakasarap na *cake*. Isulat mo ang mga *input* upang magka-*output* ka.



*Input*

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

*Output*



B. Subukan mo ito.

1. Ano ang *output* kung pagsasama-samahin ang katad, sapatero, hulma, mananabas, makina, at mamamahala?
2. Ano ang mga kailangang *i-input* kung ang nais na output ay pantalon?



### Tandaan Mo!

- Ang proseso ng produksyon ay ang pagsama-sama ng paggawa, kapital, entreprenyur, at mga materyales na kinuha sa lupa upang lumikha ng kalakal na ginagamit upang lumikha pa ng ibang kalakal at ng kalakal na kinukunsumo.
- Ang produksyon ay lumilikha ng dagdag balik-yaman sa porma ng renta, sweldo, interes, at kita.
- Ang *household*, ang nagmamay-ari ng mga yaman, ay nagpapagamit ng yamang ekonomiko tulad ng lupa, manggagawa, at kapital sa *firm* na siya namang tagalikha ng produkto na binibili at ginagamit ng *household*.
- Sa pera namang napagbilhan kinukuha ng *firm* ang pambayad sa renta, sweldo, interes, at kita na pambayad sa paggamit ng yamang ekonomiko ng *household*.



### Gawain 3: Paglalapat

1. Magtala ng tatlong uri ng manggagawa na matatagpuan sa inyong lugar.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

2. Magbigay ng tatlong produkto na matatagpuan sa inyong lugar.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

3. Magbigay ng tatlong mungkahi upang higit pang mapalago ang mga produktong ito.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

4. Anong uri ng mga puhunan ang kulang sa inyong lugar?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

## ARALIN 2

### ANG MGA SALIK NG PRODUKSYON



Sa araling ito, susuriin mo ang mga salik ng produksyon: ang lupa, paggawa, kapital, at entreprenyur. Malalaman mo ang papel ng entreprenyur sa proseso ng produksyon at sa ekonomiya.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang mga salik ng produksyon bilang batayan sa matalinong paggamit nito;
2. Maipaliliwanag ang gamit ng bawat salik ng produksyon; at
3. Maipaliliwanag ang mahalagang papel ng entreprenyur sa ekonomiya at produksyon.



#### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

SUBUKAN MO NGA ITO. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Saan nagmumula ang mga hilaw na materyal ng produksyon? \_\_\_\_\_

---

---

2. Ano ang tawag sa pakinabang mula sa ginamit na lupa sa produksyon? \_\_\_\_\_

---

---

3. Sino ang tinatawag na utak ng negosyo? \_\_\_\_\_

---

---

4. Aling salik ng produksyon ang tumutulong na mapadali ang paggawa ng kalakal?

---

---

5. Aling puhunan ang nakabibili ng kalakal sa ibang bansa? \_\_\_\_\_

---

---

### Ang Mga Gamit ng Salik ng Produksyon


Naisip o naitanong mo na ba kung saan nagmumula ang mga hilaw na panangkap? Saan pa, di ba sa lupa? Kaya ang lupa ay isa sa mga salik ng produksyon. Kung walang hilaw na panangkap na nagmumula sa lupa, walang produksyon. Parang ganito, tingnan mo:

- Walang



kung walang kamatis.

- Walang



kung walang baka.

- Walang



kung walang isda.

Ang mga hilaw na sangkap mula sa lupa ay kailangang iproseso kaya kinakailangan din ng mga taong gagawa at mag-iisip upang malikha ang produkto. Suriin mo ito.



- Maitatayo kaya ang bahay na ito kung walang arkitekto at inhenyero na nag-isip kung paano ito maitatayo at kung wala ring mga manggagawa na magtatayo nito? Siyempre, hindi. Kailangan ang mga taong ito. Lakas paggawa ang tawag sa kanila. Ginagamit nila ang kanilang isip at lakas upang makalikha. Naging mahalaga rin ang papel na ginampanan ng mga karpentero, tubero, at latero upang maitayo ang bahay. Ginamit nila ang kanilang lakas. Ang mga manggagawang gamit ang isip ay tinatawag na manggagawang mental, at ang gumagamit ng bisig ay manggagawang pisikal o manwal.
- Ang kapital o puhunan ay salik din ng produksyon na tumutulong na makagawa ng kalakal. Halimbawa nito ay makina, martilyo, *computer*, at iba pang makinarya. Ang salapi ay puhunan ding itinuturing upang makabili ng mga makinarya at panangkap. Ang dolyar ay puhunan naman upang bumili ng kalakal sa labas ng bansa.
- Ang entreprenyur ay ang salik ng produksyon na siyang utak ng pangangalakal o produksyon. Pinag-iisipan niya kung anong mga salik ng produksyon ang kailangang pagsama-samahin upang makalikha ng kalakal nang sa gayon ay matugunan niya ang pangangailangan ng mga tao at upang kumita rin.

## Ang Entreprenyur at Ang Ekonomiya

Ang entreprenyur ay ang taong nagsasama-sama ng mga salik ng produksyon tulad ng lupa, lakas paggawa, at puhunan. Layon ng entreprenyur na lumikha ng produkto upang matugunan ang pangangailangan ng tao. Nakasalalay sa kanya ang tagumpay ng negosyo upang makapagbigay siya ng kita sa mga may-ari ng salik ng produksyon. Ang tagumpay ng entreprenyur ay nagdudulot hindi lamang ng malaking pakinabang para sa kanyang sarili kundi nakalilikha rin ng maraming hanap-buhay para sa ibang tao. Nakapagbibigay din ito ng kitang buwis sa pamahalaan. Sa ganitong paraan nakakatulong ang entreprenyur sa pambansang ekonomiya.



### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pagtapat-tapatin ang mga salitang nasa Hanay A at Hanay B.

#### Hanay A

1. kita
2. upa
3. sahod
4. interes
5. mental
6. manwal
7. lupa
8. kapital
9. salapi
10. dolyar

#### Hanay B

- a. puhunang pambili ng kalakal sa ibang bansa
- b. ginagamit din itong tayuan ng pagawaan
- c. pambili ng makinarya at hilaw na sangkap
- d. pakinabang sa ginamit na lupa
- e. paggawa gamit ang isip
- f. pakinabang ng entreprenyur
- g. paggawa gamit ang bisig
- h. pakinabang sa ginamit na puhunan
- i. nagpapadali sa produksyon
- j. pakinabang ng manggagawa sa ipinagkaloob na paglilingkod



### Tandaan Mo!

- Ang **entreprenyur** ay ang taong nagsasama-sama ng mga salik ng produksyon tulad ng lupa, lakas paggawa, at puhunan.
- Ang **lupa** ang pinagkukunan ng hilaw na panangkap sa produksyon.
- Ang **lakas paggawa** ay ang gumagamit ng isip at lakas upang makalikha.
- Ang **kapital o puhunan** ay salik din ng produksyon na tumutulong na makagawa ng kalakal. Halimbawa nito ay makina, martilyo, *computer*, at iba pang makinarya.
- Ang **salapi** ay puhunan ding itinuturing upang makabili ng mga makinarya at panangkap. Ang dolyar ay puhunan din upang bumili ng kalakal sa labas ng bansa.
- Ang tagumpay ng entreprenyur ay nagdudulot hindi lamang ng malaking pakinabang para sa kanyang sarili kundi nakalikha rin ng maraming hanap-buhay sa ibang tao. Nakapagbibigay din ito ng kitang buwis sa pamahalaan.



### Gawain 3: Paglalapat

A. Isulat kung tama o mali ang mga sumusunod:

1. Ang mababang pasahod sa manggagawa ay nakakatulong sa produksyon.
2. Ang makinarya ay isang uri ng kapital.
3. Ang tagumpay ng entreprenyur ay tagumpay ng ekonomiya.
4. Ang lupa ang nagbibigay ng hilaw na yaman para sa produksyon.
5. Ang palagiang pagwewelga ay nakakatulong sa ekonomiya at sa mga manggagawa.

B. Magbigay ng paliwanag kung alin sa mga salik kapos ang Pilipinas at kung papaano ito matutugunan.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

### ARALIN 3

### ORGANISASYON NG NEGOSYO



May iba't ibang organisasyon ng negosyo. Lahat ng mga ito ay may layuning lumikha ng kalakal at paglilingkod upang matugunan ang pangangailangan ng tao.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maihahambing ang iba't ibang organisasyon ng negosyo ayon sa pakikisapi at pananagutan ng bawat kasapi;
2. Matutukoy ang kabutihan at di kabutihan ng mga uri ng pag-aari ng negosyo;
3. Masusuri ang pamamaraan ng pagnenegosyo sa bansa; at
4. Mauunawaan ang papel ng gobyerno sa pagnenegosyo.





### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Aling negosyo ang madaling pasukin? Bakit? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Paano nakatutulong sa tao at sa pamahalaan ang korporasyon? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Paano naiba ang sosyohan sa isahang pagmamay-ari? \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Ang pagnenegosyo ay may iba't ibang uri ng pagmamay-ari. Nasa ibaba ang paghahambing ng mga uri ng pag-aari sa negosyo at ang kabutihan at di-kabutihan ng mga ito.

<b>ISAHANG PAGMAMAY-ARI</b>	
<b>Kabutihan</b>	<b>Di - Kabutihan</b>
<ul style="list-style-type: none"><li>• malaya ang pangangalakal</li><li>• simple ang pamamahala</li><li>• maliit ang pamumuhunan</li><li>• madaling itatag</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• iisa ang makikinabang sa tubo</li><li>• walang limitasyon ang pananagutan</li><li>• maigsi ang buhay ng negosyo</li><li>• iisa ang namamahala</li><li>• pamamuhunan ng nag-iisang tao</li></ul>

### SOSYOHAN

Kabutihan	Di - Kabutihan
<ul style="list-style-type: none"><li>• Higit na maraming pinagsamang puhunan at talento</li><li>• Magiging maayos ang pamamahala</li><li>• Madaling buuin</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Walang limitasyon ang pananagutan</li><li>• Lumiliit ang tubo dahil sa paghahati</li><li>• May tunggalian ang mga sosyo</li></ul>

### KORPORASYON

Kabutihan	Di - Kabutihan
<ul style="list-style-type: none"><li>• Limitado ang pananagutan</li><li>• Matagal ang buhay</li><li>• Pamamahala ay pormal at legal na ayon sa batas ng korporasyon</li><li>• Malaking pamumuhunan</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• May tunggalian sa pamamahala</li><li>• Malaking pasimula</li><li>• Doble ang pagbubuwis</li><li>• May regulasyon</li></ul>

### KOOPERATIBA

Kabutihan	Di - Kabutihan
<ul style="list-style-type: none"><li>• Maliit ang panimulang puhunan</li><li>• Layuning tumulong sa kasapi</li><li>• Demokratiko ang pamamahala</li><li>• Makatarungan sa paghahati ng kita</li><li>• Ang entreprenyur ang utak ng negosyo.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Mahirap pamahalaan</li><li>• Kawalan ng pagkakaisa</li><li>• Maliit na kita</li><li>• Kakulangan sa puhunan</li></ul>



## Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

A. Sagutin ng tama o mali.

1. Pangunahing layunin ng entreprenyur ang lumikha ng kalakal. \_\_\_\_\_
2. Ang tagumpay ng entreprenyur ay nangangahulugan ng kita para sa kanyang sarili lamang. \_\_\_\_\_
3. Walang hanap-buhay kung tagumpay ang negosyo. \_\_\_\_\_
4. Nakikinabang ang pamahalaan sa negosyo sa pamamagitan ng buwis. \_\_\_\_\_
5. Ang produksyon ay nangangahulugan ng paglikha. \_\_\_\_\_

B. Ipaliwanag ang papel ng gobyerno sa pagpapaunlad ng negosyo.

---

---

---

---

---

---



### Tandaan Mo!

- Ang pagnenegosyo ay may iba't ibang uri ng pagmamay-ari.
- Ang iba't ibang uri ng pagmamay-ari ay: isahang pagmamay-ari, sosyohan, korporasyon, at kooperatiba.
- Ang gobyerno ay nagbibigay ng kaukulang regulasyon, pautang, at insentibo upang mapalago ang iba't ibang uri ng negosyo sa bansa.
- Kailangang siguruhin ng gobyerno ang pagkakaroon ng katahimikan at kaayusan upang ang negosyo ay lumago.



### Gawain 3: Paglalapat

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Anu-anong programa ng gobyerno ang kailangan upang lumago ang mga negosyo sa Pilipinas?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

2. Ano ang pakinabang ng gobyerno mula sa mga pribadong negosyo?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

3. Papaano matutulungan ng kooperatiba ang mga manggagawa?

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

4. Alin sa mga uri ng pag-aari ng negosyo ang sa palagay mo ang dapat isulong sa inyong lugar? Bakit? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

### ARALIN 4

### ANG PRODUKSYON SA PILIPINAS



Ang produksyon ay mahalagang bahagi ng isang ekonomiya. Susuriin sa araling ito ang estado ng produksyon sa Pilipinas. Matutukoy mo ang laki ng produksyon ng iba't ibang sektor at ang bahagi ng kanilang kontribusyon sa pagsulong ng ating bansa.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Masusuri ang estado ng produksyon sa Pilipinas;
2. Matutukoy ang iba't ibang sektor ng industriya sa Pilipinas;
3. Maibibigay ang mahahalagang datos hinggil sa produksyon; at
4. Maimumungkahi kung paano mapapaunlad ang mga industriya sa Pilipinas.



### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Suriin ang talahanayan at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

#### GROWTH RATES (%): PRODUCER PRICE INDEX OF SELECTED MANUFACTURING INDUSTRIES

	Mftg.	Food	Textile	Footwear	Petroleum	Non-Metallic Mineral Prods.	Cement	Basic Metals	Non-Ferrous Metals
2003	8.1	6.6	3.1	20.5	17.6	-1.4	-4.7	9.9	2.9
2004	7.1	17.2	10.3	39.4	23.3	15.0	22.8	30.1	12.0

*Source: National Statistical Coordination Board*

1. Aling industriya ang nakapagtala ng pinakamataas na pag-unlad noong 2004? \_\_\_\_\_
2. Aling industriya ang nakapagtala ng pinakamababang pag-unlad noong 2004? \_\_\_\_\_
3. Sa kabuuan, umunlad ba ang industriya sa Pilipinas? \_\_\_\_\_
4. Sa iyong palagay, anong industriya ang dapat makapagtala ng mas mataas pang pag-unlad? \_\_\_\_\_

5. Magmungkahi ng mga paraan kung paano pa mapapaunlad ang mga industriya sa Pilipinas.

a. \_\_\_\_\_

b. \_\_\_\_\_

c. \_\_\_\_\_

### Ang Kabuuang Produksyon sa Pilipinas

Umabot ang kabuuang produksyon ng industriya sa 3,335.6 billion pesos noong 1994. Makikita sa sumusunod na talahanayan ang paghahambing ng produksyon noong 1998 at 1994. Mapapansing nagkaroon ng pagbabago sa nakagawian mula sa pangunahing industriya tungo sa ikalawa at ikatlo.

Ang bahagi ng agrikultura at iba pang industriya liban sa kuryente ay bumaba samantalang ang sektor ng paglilingkod tulad ng pangangalakal, pananalapi, pabahay, at pribadong paglilingkod ay tumaas.

**Table 2. Industry Output: 1988 and 1994**  
(Value in million pesos, at current prices)

Industry	1988		1994	
	Value	Percent	Value	Percent
Agri., Fishery & Forestry	230,530	15.6	480,611	14.4
Mining and Quarrying	26,418	1.8	32,184	1.0
Manufacturing	600,657	40.7	1,266,226	38.0
Construction	82,828	5.6	176,224	5.3
Electricity, Steam &	32,176	2.2	89,635	2.7

Water				
Transp., Commn., Storage	87,738	5.9	190,435	5.7
Trade	143,655	9.7	366,611	11.0
Finance	36,318	2.5	133,320	4.0
Real Estate and Ownership of Dwellings	51,177	3.5	146,060	4.4
Private Services	97,563	6.6	270,916	8.1
Government Services	73,153	5.0	183,405	5.5
Unclassified	13,638	0.9		
All sectors	1,475,851	100.0	3,335,627	100.0

**Source: National Statistical Coordination Board**

Samantala, ang National Statistics Office (NSO) ay naglabas ng resulta ng 2000 Census ng Negosyo at Industriya ng Pilipinas para sa sektor ng paglikha noong 1999 bilang batayang taon. May kabuuang 7,450 establisyamento na may tinatayang 20 at mahigit na empleyado ang kasali. Ang sektor ng pagkain liban sa inumin ang nanguna na may 17.4 porsyento, na sinundan naman ng mga damit at kasuotan na may 12.5 porsyento, at produktong kemikal na may 6.0 porsyento.

Ang empleyo sa sektor ng paglikha ay umabot sa kabuuang 1,089,837, o kaya 99.5 porsyento ang pinasahod na empleyado samantalang ang iba ay mga nagtatrabahong may-ari at di bayarang manggagawa. Ang unang tatlong industriya na nag-eempleyo ay ang pagkain liban sa inumin (15.6 porsyento), damit at kasuotan (13.3 porsyento), at “piyesang elektronik (10.1 porsyento).

Ang sektor ng paglikha ay nagbayad ng kabuuang P114.4 bilyon bilang kabayaran sa empleyado, na tinatayang P105,524 kada isang empleyado. Ang pinakamataas na taunang sweldo na P460,278 kada empleyado ay naitala sa industriya

ng petrolyo, na sinusundan ng produktong kemikal na may P218,292 at sasakyang de motor na may P169,271.

Nakapagtala ang sektor ng kabuuang kita na nagkakahalaga sa P1,760.6 billion samantalang ang halaga ng operasyon liban ang mga pasahod sa empleyado ay umabot sa P1,283.1 billion. Ang industriya ng pagkain liban ang inumin ay nagtala ng pinakamataas na kita (17.7 porsyento) habang nagtala rin ng pinakamalaking gastos (18.1 porsyento) sa mga industriya at sektor ng paglikha.

Samantalang ayon sa 2000 Census sa Negosyo at Industriya sa Pilipinas na binubuo ng pagkakalakal (*Wholesale* at *Retail*) at pagkumpuni ng sasakyan, motorsiklo at personal at gamit sa bahay na sektor, noong taong 1999 nagtala ang sektor na ito ng kabuuang 374,559 establisyamento, kung saan 79.7 porsyento nito ay nasa pagkakalakal at pagkukumpuni ng personal at gamit sa bahay; 10.9 porsyento ang nasa pagtitinda, pagmamantine at pagkukumpuni ng sasakyan at motorsiklo, at pagbebenta ng produktong petrolyo; at 9.4 porsyento ang nasa malakihang pagbebenta at nangongomision.

Sa kabuuan, 98.2 porsyento ang may tinatayang kulang sa 20 empleyado at ang natitirang 1.8 porsyento ay may 20 at mahigit na empleyado. Ang kabuuang lakas manggagawa ng sektor na ito ay tinatantiyang umaabot sa 1,695,216, pitumpu't-limang porsyento sa kanila ay pinapasahod, at ang natitirang dalawampu't-limang porsyento ay manggagawang nagmamay-ari at mga di binabayaran manggagawa.

Ang kabuuang ipinasahod ng industriya ay umabot sa P77.4 bilyon, na may buwanang pasahod na P5,217 bawat empleyado. Ang industriya ng malakihang pangangalakal at pangungumision ay ang nagtala ng pinakamalaking buwanang pasahod na P7, 524 samantalang yaong mga nasa pananaliksik at pagpapaunlad ay nagtamo ng pinakamababang pasahod na P4,546.

Ang kabuuang kita ng sektor na ito noong 1999 ay umabot sa P1,614.03 bilyon, samantalang ang kabuuang gastos sa operasyon liban ang ipinasahod sa manggagawa ay umabot sa P1,315.9 bilyon, o P1.23 kita kada pisong gastos. Idagdag pa rito ang "*fixed assets*" ng sektor noong 1999 na umabot sa P22.19 bilyon, samantalang ang tulong na natanggap mula sa gobyerno ay umabot sa P704.76 milyon.



## Ang Produksyon ng Industriyang Agrikultural at Pangingsda

Ang sumusunod ay talahanayan ng mga produktong agrikultural sa Pilipinas mula taong 2001 hangang 2003. Mapapansing tumaas ang kabuuang produksyon ng 67,996.8 libong tonelada noong 2002 mula sa 67,021.3 libong tonelada noong 2001. Mapapansing palay, niyog, at tubo ang mga pangunahing produktong agrikultural ng bansa. Malaki rin ang produksyon ng kasaba, pinya, kamatis, at talong. Para sa mga Pilipino, ang palay o bigas ang pangunahing pagkain kaya di kataka-taka na ito ang may mas malaking bilang ng produksyon sa bansa. Ang niyog naman ang nagtala ng pinakamataas na produksyon sa nakalipas na tatlong taon.

### Agricultural Production by Type of Crop

2001 to 2003

(in thousand metric tons)

Crop	2001 r		2002 r		2003 p	
	Quantity	Value	Quantity	Value	Quantity	Value
<b>Total</b>	<b>67021.3</b>	<b>279072.3</b>	<b>67996.8</b>	<b>314140.3</b>	<b>71610.0</b>	<b>330155.7</b>
<b>A. Cereals</b>	<b>17479.9</b>	<b>135821.7</b>	<b>17590.0</b>	<b>145023.5</b>	<b>18115.5</b>	<b>150529.1</b>
Palay	12954.9	105323.1	13270.7	116516.4	13499.9	117989.0
Corn	4525.0	30498.6	4319.3	28507.1	4615.6	32540.1
<b>B. Major Crops</b>	<b>45847.6</b>	<b>119289.4</b>	<b>46613.2</b>	<b>141080.8</b>	<b>49606.5</b>	<b>146789.2</b>
Coconut 1/	13146.1	24188.7	13895.1	35988.3	14121.9	38694.0
Sugarcane	21708.7	19103.7	21417.3	23559.0	23981.3	21823.0
Banana 2/	5059.4	24487.2	5274.8	28589.6	5369.0	30066.2
Pineapple	1617.9	9755.9	1639.2	9654.7	1696.3	10245.9

2/						
Coffee	112.3	3337.6	107.1	3290.1	106.4	3880.4
Mango	881.7	14662.8	956.0	15296.6	1004.3	14593.1
Tobacco	48.2	1860.8	50.2	2408.2	52.9	2403.3
Abaca	72.9	1130.1	63.0	1043.9	69.8	1385.5
Rubber	264.0	2109.8	267.7	3022.5	274.0	4822.4
Cassava	1652.0	5831.7	1625.7	6177.9	1622.2	5531.3
Camote	545.4	2896.1	549.4	3307.3	547.0	3528.2
Peanut	26.2	495.8	26.2	484.7	26.1	521.4
Mongo	27.8	628.2	27.4	571.9	26.0	562.2
Onion	82.6	2230.5	96.4	1153.4	93.8	1595.4
Garlic	15.4	717.5	16.3	955.8	15.5	784.2
Tomato	146.0	1564.1	149.3	1026.8	150.1	1827.6
Eggplant	169.8	2078.6	179.7	1742.7	177.0	1851.5
Cabbage	89.5	714.5	91.4	887.1	92.0	746.9
Calamansi 2/	181.7	1495.8	181.0	1920.3	180.9	1926.7
<b>C. Other Crops 3/</b>	<b>3693.9</b>	<b>23961.3</b>	<b>3793.6</b>	<b>28036.2</b>	<b>3888.0</b>	<b>32837.4</b>

Note: Details may not add up to total due to rounding.

1/ Revised based on BAS-Philippine Coconut Authority (PCA) Coconut Production Survey.

2/ Revised due to review and validation funded by Ginintuang Masaganang Ani-High Value Commercial Crops (GMA-HVCC) based on the results of 3 surveys - Barangay Screening Survey, Food Consumption and LGU-led surveys.  
Kind of Crop

3/ Revised based on data review and validation of each individual commodity group under GMA-HVCC.

r - revised; p - preliminary

Ang industriya naman ng pangingsda sa Pilipinas ay nahahati sa tatlo: ang pangingsdang komersyal, munisipal, at aqua-kultural. Mapapansing patuloy na lumalago ang kabuuang industriya. Mula sa 83,275.2 milyong piso noong 1996, tumaas ang produksyon sa 119,866.3 milyong piso noong taong 2003. Isang mahalagang industriya ang pangingsda na pinagkukunan ng yaman lalo na dahil ang kapuluang Pilipinas ay napapalibutan ng karagatan at marami sa ating kababayan ay mangingsda.

**Quantity and Value of Fish Production, by Type of Fishing Operation  
1996 to 2003**

(Quantity in thousand metric tons; value in million pesos)

Year	Total		Commercial Fishing 1/		Municipal Fishing 2/		Aquaculture 3/	
	Quantity	Value	Quantity	Value	Quantity	Value	Quantity	Value
1996	2,796.0	83,275.2	879.1	24,555.3	909.2	25,373.2	1,007.7	33,346.7
1997	2,793.6	80,617.1	884.7	25,935.3	924.5	27,392.9	984.4	27,288.8
1998	2,829.5	85,133.1	940.5	29,737.1	891.1	28,966.5	997.8	26,429.5
1999	2,923.8	92,322.3	948.8	32,242.1	926.3	31,034.1	1,048.7	29,046.1
2000	2,993.3	98,622.1	946.5	33,878.7	945.9	32,595.6	1,100.9	32,147.9
2001	3,166.5	107,193.8	976.5	36,088.7	969.5	34,221.7	1,220.5	36,883.4
2002	3,369.5	113,258.2	1,042.2	39,681.2	988.9	38,158.9	1,338.2	35,418.2
2003	3,619.3	119,866.3	1,109.6	42,002.9	1,055.1	40,664.3	1,454.5	37,199.1

Note: Details do not add up to total due to rounding.

1/ Includes production from commercial fishing vessels.

2/ Includes production from capture activities in various marine and inland (fresh) bodies of water such as lakes, rivers, etc.

3/ Includes production from aquaculture activities such as brackishwater and freshwater fishponds, freshwater and marine fishpens, freshwater and marine fishcages, culture of oysters, mussels and seaweeds.

**Source: Bureau of Agricultural Statistics**

## Ang Produksyon ng Pagkakahoy

Ang Pilipinas ay may malawak na kagubatan kung kaya ito'y pinagkukunan din ng yaman lalung-lalo na ng mga troso at iba pang produktong kahoy. Makikita sa ibaba ang kabuuang produksyon ng sektor ng pagkakahoy na nagpapakita na ang pangunahing produkto ay troso, *lumber*, *plywood*, at *veneer*. Ang mga ito ay ginagamit naman sa konstruksyon ng mga bahay, inprastruktura, at iba pang kagamitang gawa sa kahoy.

### Quantity of Production of Logs, Lumber, Plywood, and Veneer

1991 to 2001

(In thousand cubic meters)

Year	Logs <sup>1</sup>	Lumber	Plywood	Veneer
1991	1,922	726	321	54
1992	1,438	647	331	80
1993	1,022	440	273	65
1994	957	407	258	39
1995	758	286	290	19
1996	771	313	508	82

1997	556	351	484	62
1998	634	222	246	59
1999	730	288	243	89
2000	800	150	286	178
2001	571	197	292	255

1/ Includes sawlog, veneer log, pulpwood, and poles and piles.

p/ Preliminary

**Source: Forest Management Bureau**

### Ang Produksyong Mineral

Ang pagmimina ay isa rin sa pinagkukunan ng yaman ng bansa. Mula sa industriyang ito kinukuha ang mga mineral, metal, at di-metal na ginagamit sa iba't ibang pangangailangan sa produksyon. Sa mga mahahalagang metal, ang Pilipinas ay nakapagmina ng ginto (16.5 kilos) at pilak (23.6 kilos), samantalang *chromite* at *copper* naman sa mga *base metal* at *silica*, *sand*, at *coal* naman ang mga di metalikong mineral. Ang ginto at pilak ay kalimitang ginagamit sa paggawa ng mga alahas. Samantalang ang *chromite* at *copper* ay ginagamit sa paggawa ng mga kable at *wire*, piyesang elektroniko, mga lata, at iba pang mga bakal. Tunghayan mo ang laki ng produksyong mineral sa bansa:

#### MINERAL PRODUCTION

1996 to 2000

(Quantity in thousands)

Mineral/ Mineral Product	Unit Used	2000	1999	1998	1997	1996
<b>METALLICS</b>						
Precious Metals						

Gold	KG	36.5	31.1	34.0	32.7	30.2
Silver	KG	23.6	18.2	18.2	20.7	24.0
<b>Base Metals</b>						
Chromite:						
Metallurgical Concentrate	DMT	-	14.4	12.6	26.9	31.5
Metallurgical Ore	DMT	0.3	3.1	9.9	17.0	17.2
Refractory Ore	DMT	20.6	-	19.7	54.2	67.9
Copper:						
Concentrate	DMT	129.8	151.2	177.9	187.6	256.5
Metal	MT	31.9 <sup>a</sup>	37.6 <sup>a</sup>	-	-	-
Iron Ore	MT	6.4	3.2	-	11.8	-
Beneficiated Ore	DMT	1,023.4	6253	959.9	814.3	656.7
Metal	MT	16.2 <sup>c</sup>	12.4 <sup>b</sup>	-	-	-
<b>NON-METALLICS</b>						
Coal	MT	...	1,273,034	1,157.3	1,078.7	955.6
Salt	MT	...	704	728	686.5	618.5
Silica Sand	MT	...	27.3	16.1	20.5	30.7
Sand and Gravel	Cu. M	...	32,420.3	35,626.8	40,030.1	37,446.3
Others		...	...	...	40,030	...
Limestone	MT	...	12,590.8	27,713.7	10,216.3	6,709.8

Shale Clay	MT	...	985.8	917.9	1,126.0	997.8
Silica Sand	MT	...	205.0	317.6	212.3	299.9
Cement	Bags	...	313,938.1	322,196.4	367,018.9	310,727.5

a/ Copper metal equivalent of copper concentrate ore produced.

b/ Nickel metal equivalent of beneficiated ore produced.

Note: Details may not add-up to totals due to rounding.

**Source: Mines and Geo-Sciences Bureau**

### **Ang Pangunahing *Export* ng Bansa**

Ang sampu sa pangunahing *export* ng bansa noong taong 2003 ay nagpasok ng kabuuang \$29.834 bilyong dolyar, mas mataas ng 0.9 porsyento mula sa \$29.572 bilyong dolyar ng nakaraang taon. Ito'y nagtala ng 82.3 porsyento na bahagi ng kabuuang halaga ng *export*. Ang sampung pangunahing *export* ay ang mga sumusunod:

1. **Produktong Elektroniko**, 66.7 porsyento ng kabuuang kita sa *export*, na nagkakahalaga ng \$24.168 bilyong dolyar, mas mababa ng 0.6 porsyento noong 2002 na \$24.322 bilyong dolyar;
2. **Damit at Accessorya sa Damit**, nagkakahalaga ng \$2.265 bilyon, bumaba ng 5.3 porsyento mula sa nakaraang taon na \$2.391 bilyon;
3. **Iba pang produktong minanufacture mula sa materyales na inangkat na Consignment**, nagkakahalaga ng \$579.23 milyon, umangat ng 32.4 porsyento mula sa \$437.65 milyon ng nakaraang taon;
4. **Produktong Petrolyo**, tumaas ng by 52.0 porsyento o \$536.14 milyon mula sa nakaraang taong \$352.68 milyon;
5. **Mga Wiring Ignition at iba pang Wire na ginagamit sa sasakyan**, bumaba ng 2.4 porsyento, nagkakahalaga ng \$507.25 milyon mula sa \$519.72 milyon na naitala noong 2002;


6. **Langis ng Niyog**, nagkakahalaga ng \$504.86 milyon, tumaas ng 43.2 porsyento mula sa \$352.63 milyon noong isang taon;
7. **Muebles at produktong kahoy**, bumaba ng 4.5 porsyento, nagkakahalaga ng \$409.35 milyon mula sa \$428.45 milyon ng nakaraang taon;
8. **Saging (Fresh)**, nagkakahalaga ng \$333.00 milyon, o 7.8 porsyentong dagdag sa nakaraang taon na \$308.89 milyon;
9. **Cathodes at Seksyon ng Cathodes**, ng pinong Copper, nagkakahalaga \$268.90 milyon, umangat ng 24.6 porsyento mula sa \$215.80 milyon ng isang taon; at
10. **Mga bahaging Metal**, mataas ng 7.9 porsyento o \$261.55 milyon mula sa \$242.44 milyon ng isang taon.



### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Pag-aralan ang grap sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

**Figure 2. Top Ten Principal Exports: 2002 and 2003**





1. Anong uri ng grap ang nasa itaas? \_\_\_\_\_

---

---

2. Ano ang pinakamalaking *inexport* ng bansa? \_\_\_\_\_

---

---

3. Ano ang naitutulong ng malaking *export* sa ekonomiya? \_\_\_\_\_

---

---

4. Anong produkto ang sa palagay mong dapat pa nating *i-export*? \_\_\_\_\_

---

---



### Tandaan Mo!

- Noong 1999, may kabuuan ang sektor ng paglikha ng 7,450 establisyamento na may tinatayang 20 at mahigit na empleyado sa Pilipinas.
- Ang sektor ng pagkain liban sa inumin ang nanguna na may 17.4 porsyento, na sinundan naman ng mga damit at kasuotan na may 12.5 porsyento, at produktong kemikal na may 6.0 porsyento.
- Ang empleyo sa sektor ng paglikha ay umabot sa kabuuang 1,089,837, o kaya 99.5 porsyento ang pinasahod na empleyado samantalang ang iba ay mga nagtatrabahong may-ari at di bayarang manggagawa.

- Ang unang tatlong industriya na nag-eempleyo ay ang pagkain liban sa inumin (15.6 porsyento), damit at kasuotan (13.3 porsyento), at “piyesang elektronik (10.1 porsyento).
- Ang produksyong agrikultural sa Pilipinas ay tumaas ang kabuuang 67,996.8 libong tonelada noong 2002 mula sa 67,021.3 libong tonelada noong 2001. Palay, niyog, at tubo ang mga pangunahing produktong agrikultural ng bansa. Malaki rin ang produksyon ng kasaba, pinya, kamatis, at talong.
- Ang industriya naman ng pangingsda sa Pilipinas ay nahahati sa tatlo: ang pangingsdang komersyal, municipal, at aqua-kultural. Patuloy na lumalago ang kabuuang industriya. Mula sa 83,275.2 milyong piso noong 1996, tumaas ang produksyon sa 119,866.3 milyong piso noong taong 2003.
- Sa mga mahahalagang metal, ang Pilipinas ay nakapagmina ng ginto at pilak, samantalang *chromite* at *copper* naman sa mga *base metal* at *silica*, *sand* at *coal* naman ang mga di metalikong mineral.
- Ang sampu sa pangunahing *export* ng bansa noong taong 2003 ay nagpasok ng kabuuang \$29.834 bilyong dolyar, mas mataas ng 0.9 porsyento mula sa \$29.572. Produktong elektroniko at damit ang malalaking *export* ng bansa.



### Gawain 3: Paglalapat

Hanapin ang mga produktong ginagawa sa Pilipinas.

Q	W	E	S	R	T	Y	U	T	M
T	I	P	A	L	A	Y	R	D	U
U	R	O	G	P	A	O	S	D	E
B	D	F	I	I	S	G	A	H	B
O	J	K	N	O	N	M	L	Z	L
M	X	C	G	V	I	T	C	B	E
N	A	M	Q	T	X	C	O	F	S
G	H	I	K	R	E	E	N	E	V
S	D	I	S	D	A	G	J	K	L
X	F	G	H	I	E	N	M	V	D



### MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ◆ Ang produksyon ay paglikha ng kalakal at paglilingkod upang matugunan ang pangangailangan ng tao.
- ◆ Mga salik ng produksyon ang lupa, lakas paggawa, puhunan, at entreprenyur.
- ◆ Upa, sahod, interes, at kita ang tawag sa mga pakinabang mula sa ginamit na salik ng produksyon.
- ◆ Ang isahang pagmamay-ari, sosyohan, korporasyon, at kooperatiba ay mga organisasyon ng negosyo.

- ◆ Noong 1999, may kabuuan ang sektor ng paglikha ng 7,450 establisyamento na may tinatayang 20 at mahigit na empleyado sa Pilipinas.
- ◆ Ang sektor ng pagkain liban sa inumin ang nanguna na may 17.4 porsyento, na sinundan naman ng mga damit at kasuotan na may 12.5 porsyento, at produktong kemikal na may 6.0 porsyento.
- ◆ Ang empleyo sa sektor ng paglikha ay umabot sa kabuuang 1,089,837, o kaya 99.5 porsyento ang pinasahod na empleyado samantalang ang iba ay mga nagtatrabahong may-ari at di bayarang manggagawa.
- ◆ Ang unang tatlong industriya na nag-eempleyo ay ang pagkain liban sa inumin (15.6 porsyento), damit at kasuotan (13.3 porsyento), at “piyesang elektronik (10.1 porsyento).
- ◆ Ang produksyong agrikultural sa Pilipinas ay tumaas ang kabuuang 67,996.8 libong tonelada noong 2002. Palay, niyog, tubo, kasaba, pinya, kamatis, at talong ang mga pangunahing produktong agrikultural ng bansa.
- ◆ Ang industriya naman ng pangingisda sa Pilipinas ay nahahati sa tatlo: ang pangingisdang komersyal, municipal, at aqua-kultural. Lumago ang kabuuang industriya mula sa 83,275.2 milyong piso noong 1996. Tumaas ang produksyon sa 119,866.3 milyong piso noong taong 2003.
- ◆ Sa mga mahahalagang metal, ang Pilipinas ay nakapagmina ng ginto at pilak, samantalang *chromite* at *copper* naman sa mga *base metal* at *silica, sand* at *coal* naman ang mga di metalikong mineral.
- ◆ Ang sampu sa pangunahing *export* ng bansa noong taong 2003 ay nagpasok ng kabuuang \$29.834 bilyong dolyar, mas mataas ng 0.9 porsyento mula sa \$29.572. Produktong elektroniko at damit ang malalaking *export* ng bansa.



## PANGHULING PAGSUSULIT

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kabayaran sa lupang ginamit sa produksyon.  
A. renta  
B. sahod  
C. upa  
D. kita
2. Ang mga salik ng produksyon na ibinahagi upang makagawa ng kalakal ay tinatawag na:  
A. *output*  
B. *capital gain*  
C. *input*  
D. *factor gain*
3. Ang salik ng produksyon na nagbibigay ng hilaw na panangkap.  
A. lakas paggawa  
B. puhunan  
C. entreprenyur  
D. lupa
4. Anong pangunahing metal ang pinakamaraming namina noong 2003?  
A. Pilak  
B. Ginto  
C. Bronse  
D. Bakal
5. Ang lakas ng loob na harapin ang hamon ng mga pangangalakal ay katangiang dapat taglayin ng:  
A. Manggagawa  
B. Unyon  
C. Entreprenyur  
D. Welgista
6. Tinatawag na tagalikha ng produkto.  
A. Entreprenyur  
B. Mamumuhunan  
C. Manggagawa  
D. Tindera

7. Ang makina, araro, at gusali ay halimbawa ng anong salik ng produksyon?
- A. Puhunan
  - B. *Output*
  - C. *Input*
  - D. lakas paggawa
8. Samahang pangangalakal na itinayo upang tumulong sa pangangailangan ng mga kasapi.
- A. Korporasyon
  - B. Kompanya
  - C. Sosyohan
  - D. Kooperatiba
9. Ang karapatan at kapakanan ng mga manggagawa ay dapat na pangalagaan upang maging produktibo sila. Isa sa mga ito ay ang pagsasama-sama ng mga manggagawa upang makuha ang benepisyo at karapatan. Ano ang samahang ito?
- A. Unyon
  - B. Korporasyon
  - C. Welga
  - D. Kooperatiba
10. Ang paglago ng produksyon dahil sa sipag ng manggagawa.
- A. pag-unlad
  - B. produktibidad
  - C. episyenteng produksyon
  - D. *full employment*
11. Ang korporasyon ay nangangalap ng puhunan sa pamamagitan ng pagbibili ng:
- A. *Stock*
  - B. Lupa
  - C. *Share*
  - D. Ari-arian
12. Ang nagsasama-sama ng mga salik ng produksyon upang mangalakal.
- A. Kapitalista
  - B. Entreprenyur
  - C. Ekonomista
  - D. Makinista

13. Ano ang tawag sa pagpapalit-palitan ng yaman at produkto ng lahat ng tao na may papel sa produksyon?

- A. Pagkunsumo
- B. Paikot na daloy ng yaman
- C. Pangangalakal
- D. Pagtitinda

14. Ang salapi ay kabilang sa anong salik ng produksyon?

- A. Lupa
- B. Paggawa
- C. Kapital
- D. Entreprenyur

15. Anong produkto ang pangunahing *export* ng bansa?

- A. Damit
- B. Kemikal
- C. Produktong elektroniko
- D. Saging

16. Ang produksyon ng isda sa pamamagitan ng pag-aalaga nito.

- A. Komersyal na pangingsda
- B. Aquakultura
- C. Pangingsdang munisipal
- D. *Sports fishing*
- E.

17. Ang pagkakaroon ng katahimikan sa pagawaan at pagkakaroon ng pagkakaunawaan ng *management* at manggagawa ay tinaguriang:

- A. Relasyong industriyal
- B. Kapayapaang industriyal
- C. *Collective Bargaining Agreement* (CBA)
- D. Organisasyong Pang-negosyo

18. Ang pagtutulungan ng mga manggagawa at pagsasama-sama ng maliliit nilang kapital upang makabuo ng negosyo para sa kanilang benepisyo.

- A. Korporasyon
- B. Sosyohan
- C. Kooperatiba
- D. Isahang pagmamay-ari

19. Anong produkto ang nanguna sa produksyong agrikultura noong 2003?

- A. Niyog
- B. Palay
- C. Saging
- D. Mais

20. Ang pagtigil ng manggagawa sa proseso ng produksyon upang igiit ang kanilang mga kagustuhan.

- A. *Lock out*
- B. *Collective Bargaining Agreement (CBA)*
- C. Protesta
- D. Welga





## GABAY SA PAGWAWASTO

### PANIMULANG PAGSUSULIT

- |      |       |       |       |
|------|-------|-------|-------|
| 1. B | 6. A  | 11. C | 16. C |
| 2. D | 7. D  | 12. C | 17. B |
| 3. B | 8. A  | 13. B | 18. B |
| 4. C | 9. B  | 14. B | 19. A |
| 5. B | 10. A | 15. B | 20. D |

## ARALIN 1 PROSESO NG PRODUKSYON

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pagkain

Tirahan

Damit

Serbisyo ng doktor/barbero

\*Ang sagot sa mga katanungan ay maaaring magkakaiba.

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- A.
1. harina, gatas, asukal, margarina
  2. panadero
  3. oven
  4. taga-pangasiwa

\*Maaaring magkabaligtad ang mga sagot.

- B.
1. sapatos
  2. telang maong, sastre, makina

### Gawain 3: Paglalapat

Ang sagot ay depende sa mag-aaral.

## ARALIN 2 ANG MGA SALIK NG PRODUKSYON

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. lupa
2. upa
3. entreprenyur
4. puhunan
5. dolyar

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

- |      |       |
|------|-------|
| 1. f | 6. g  |
| 2. d | 7. b  |
| 3. j | 8. i  |
| 4. h | 9. c  |
| 5. e | 10. a |

### Gawain 3: Paglalapat

- |            |         |
|------------|---------|
| A. 1. Mali | 4. Tama |
| 2. Tama    | 5. Mali |
| 3. Tama    |         |

B. Ang sagot ay sariling opinyon ng mag-aaral.

## ARALIN 3 ORGANISASYON NG NEGOSYO

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Ang sagot ay maaaring magkakaiba.
2. Ito ay nagbibigay o lumilikha ng trabaho at kitang buwis.
3. Mas marami ang puhunan at pamamahala.

## **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

- A. 1. Tama  
2. Mali  
3. Mali

4. Tama  
5. Tama

B. Ang sagot ay maaaring magkakaiba.

## **Gawain 3: Paglalapat**

Ang sagot ay maaaring magkakaiba. Sariling palagay ng mag-aaral.

## **ARALIN 4 ANG PRODUKSYON SA PILIPINAS**

### **Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Semento
2. *Manufacturing*
3. Oo
4. Pagkain
5. Ang sagot ay magkakaiba.

### **Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Ang grap ay isang *bar graph*.
2. Produktong elektroniko
3. Nagpapasok ng dolyar
4. Ang sagot ay magkakaiba.

### Gawain 3: Paglalapat

Mga produktong ginagawa sa Pilipinas

			S					T	M
T		P	A	L	A	Y	R		U
U			G			O		D	E
B			I	I	S		A		B
O			N	O	N	M			L
M			G		I	T	C		E
	A			T			O		S
		I		R	E	E	N	E	V
		I	S	D	A				

### PANGHULING PAGSUSULIT:

- |      |       |       |       |
|------|-------|-------|-------|
| 1. A | 6. C  | 11. A | 16. B |
| 2. C | 7. A  | 12. C | 17. B |
| 3. D | 8. D  | 13. B | 18. C |
| 4. A | 9.    | 14. C | 19. B |
| 5. C | 10. B | 15. C | 20. D |